

# Imperfect Love Match by Miyuki Ponce

By : Miyuki Ponce

This story is about a girl named Alice who fell in love in lesbian, nung una ayaw niya sa mga tom pero nung makilala niya si Alex, hindi niya napigilan ang kanyang damdamin and she fell in love.

Published on  
**Booksie**

[booksie.com/Miyuki Ponce](http://booksie.com/Miyuki Ponce)

Copyright © Miyuki Ponce, 2015  
**Publish your writing on Booksie.com.**

## **Table of Contents**

### Imperfect Love Match Characters

#### Chapter 1

# Chapter 1: Imperfect Love Match Characters

## **IMPERFECT LOVE MATCH**

Alice Franchezca Hernandez

Alexia Santiago

Katerine Gomez

Clara Jade Esteban

Rona Mae Soriano

Lindsey Agustin

MJ Reyes

## Chapter 2: Chapter 1

### IMPERFECT LOVE MATCH

By: Miyuki Ponce

#### CHAPTER 1

Alice's POV

Summer Time! Thanks god I survived sa pagiging high school student. Hello college na ako next school year. Meron na akong university na papasukan and isa akong scholar dun. hmm. Varsity, I joined pep squad. Actually may summer training nga kami kaya hindi ko masyado maeenjoy yung summer na pahinga ko dapat. Well, ok lang enjoy din naman kasi sa training at least hindi sayang yung skills ko as a gymnas. Anyway, I'm Alice Franchezca Hernandez, 16 years old. Obvious naman siguro sa mga sinabi ko incoming first year college palang ako. I graduated in a private school. Nag dodorm ako with my two teammates Rona and Clara. Yeah! Dorm agad kami kasi nga we have a summer training. Everyday ang training namin kaya kailangan talaga na magdorm na kami lalo na ako, hindi ko kasi kaya magbyahe ng magbyahe. Hassle kaya and haggard pa. Syempre dalaga kaya ayaw ko ng mukha akong dugyot.

"Rona! Magpapagupit na tayo bukas! Where do you want sa mall o sa malapit sa school?" Kami kasing dalawa ni Rona yung excited magpapagupit ng hair. This is our first time kasi para magpacut ng hair ng super short. "Duuuuh! Please! Wag niyo nga parinig sakin yan! Ayoko pa talaga magpapagupit!!!" Well, except dito sa isang to! Ayaw magpapagupit ni Clara kasi super long hair siya. Ayan kasi! Chicks na chicks! "HAHAHA! Ano ka ba magpapagupit ka din sa ayaw at sa gusto mo noh! Sa malapit nalang tayo sa school nakakatamad kasi pumunta ng mall eh." "Okidowkie! Teka kailan nga ulit start ng class natin?" "June 18." Medjo malayo pa. May 2 palang naman. "Wala naman training ngayon punta muna tayong mall. Ang boring naman kasi dito sa dorm eh!" Kasasabi palang ni Rona na nakakatamad pumunta sa mall, nagyaya naman agad tong si Clara. Makikipagkita lang nanaman to sa girlfriend niya na tibo daw! Eh mas mukha pa ngang babae sa kanya ang haba din ng buhok! Nakakaloka! Ano bang nakita niya dun sa tibo "daw" na yun! Ang arte arte nakakairita, ang ingay pa ng bibig nun! Di kaya naririndi sa kanya si Clara tuwing magkasama sila? Samantalang ako isang beses ko palang siya nakasama nung pumunta siya dito sa dorm, rindingrindi na agad ako sa kanya. Nakakainis bakit ba kasi may mga tibo? Same sex relationship? Pwede naman mag boyfriend nalang siya! "Sus! Nako! Makikipagkita ka lang dun sa maingay mong GIRLFRIEND!" "Huh! hindi noh! Naboboring lang talaga ako dito sa dorm. tsaka bakit mo naman nasabi na maingay si Cass?" "Tinatanong pa ba yun? Ang ingay kaya nun. Ang arte arte pa! Tibo na maarte pa!" "Hindi naman siya maarte gusto lang niya kasi inaamo siya." "Bakit? Aso ba yun? Kailangan pa amuhin para di mangagat?" "Bakit ba ang init ng dugo mo kay Cass. Alam mo kung galit ka sa mga tibo wag mo idamay si Cass!" "Duuuh! Hindi ako galit sa tibo. Ayoko lang sa kanila." "Ganun din yun! Nako! Pag nagka jowa ka ng tibo pipingutin ko talaga yang tenga mo." Ok! Ayan na naman yang pipingutin niya tenga ko. Ako kasi pinakabata sa aming tatlo kaya baby nila ako. Bata nga minsan ang tawag nila sakin.

Nagtalo pa kami ni Clara about sa mga tibo na yan tutuloy din naman pala kami sa pagpunta sa mall. Wala kaming nagawa ni Rona, mas matanda samin si Clara at nakasanayan na namin ni Rona na sundin siya. ^ \_\_\_\_\_ ^ mabait kasi kami. So, andito na nga kami sa mall as usual KFC! ^ \_\_\_\_\_ ^v "Diba si ate Gleycee yun? Yung senior natin sa pep." Sabay turo ni Rona sa may counter. "Asan?!" Sorry malabo kasi mata ko. "Ayun oh! Bulag! May kasamang hershey!" May kasamang hershey? Chocolate? Huh?! Ano daw! "Ewan ko sa inyo kung ano-ano nakikita niyo. May kasamang hershey! Ano yun?! Joke? Chocolate na naglalakad? Gutom lang yan! Ikain niyo yan!" "Boplox! Hershey! Tibo! Hindi chocolate!" Malay ko ba?! Bakit kasi ganun yung term nila. Chocolate kasi yun! CHO-CO-LATE! Ayun nakita ko na nga si ate Gleycee! What the! Tibo yun! Yung sexy na yun?! Ang puti pa! Oh my god! Ano bang nangyayari sa planet earth?! Magandang babae pero bihis lalaki! "Wow huh! Ang gandang tibo! Teka lang Clara since ikaw may experience ng relationship sa tomboy. Bakit ba kasi ang daming tibo?!" "Aba! Malay ko!" Nice answer! Malay daw niya eh may girlfriend siya. Kotongan ko kaya to ng malaman niya sagot.

Finally! Nakabalik na din ng dorm! ^ \_\_\_\_\_ ^ Training na bukas excited ako, magpapagupit na din kasi kami bukas eh! Yahooooooo!!

## Imperfect Love Match by Miyuki Ponce

\*knock knock\*

"May nakatok" "Baka yung landlady. Ako na magbubukas." Ano kayang problema? "Baka yung bago nating kasama dito sa dorm. Pumunta na kasi yung landlady dito kanina may bago nga daw boarder." Wow! Bagong friend! ^ \_\_\_\_ ^ Yes! Apat kasi ang bed dito sa kwarto namin. Yung katabi kong bed yung walang tao. Buti nalang! Nakakatakot kasi pag walang natutulog dun sa kama. "Ahh. Ok! Buti naman!"

\*knock knock\*

"Wait lang! Ayan na!" Tumakbo na ko sa may door. Then binuksan ko na para tignan yung bago naming kasama dito sa dorm. "WAAAAAAAAAAAAAAAAAH!" Nagulat ako. Naisara ko yung pintuan. Bakit may lalaki dito sa building? Eh bawal ang lalaki dito! "Oy! Bakit? Ano nangyari sayo?" Nagmamadaling lumapit sakín yung dalawa. "Lalaki kasi yung kumakatok eh." "What? Lalaki? Eh bawal ang lalaki dito. Pano nakapasok yan dito? Wala ba yung guard sa baba? Baka naman nagkamali ka lang. Teka nga titignan ko." Bumalik na ko sa kama ko. Habang yung dalawa naiwan sa may pintuan. Lalaki naman talaga yung nakita ko eh. Ang gwapo pa nga eh. Nagulat lang talaga ko kasi nga bawal ang lalaki dito. Pano siya nakapasok? "Hi! Pasok ka! Ikaw ba yung bagong boarder?" "Yup!" Ha? Eh teka! pano nangyari yun? Lalaki nga yung nakita ko dun kanina. Nagmadali akong tumakbo sa may pintuan para tignan yung bagong boarder. OH MY GOD! TIBO! HERSHEY! SHIBOLI! Oh christ! Bakit naman po?! Bakit!!!! "Pasensya ka na sa nagbukas sayo ng pinto kanina. Nagulat lang kasi siya akala niya lalaki ka." "Ok lang! Sanay na ko. ^ \_\_\_\_ ^" Urgh! Pangiti ngiti pa siya! Oo na siya na cute! Tibo naman! Eeeeeewww! Halos magkadikit pa naman yung bed namin! Noooooo! TT \_\_\_\_\_ TT "Tara! Pasok tayo sa loob. Ano pala pangalan mo?" And daldal naman nila. Bakit ba kinakausap ni Rona yung tibo na yun! Nakakainis! "Alex" "Wow! Alex!" Ewan ko sa inyo magsama nga kayong tatlo. Humiga nalang ako sa kama at nagtaklob ng kumot. "Ayun yung bed mo yung katabi nung kay Alice" "Ahh! Ohh sige salamat! Ano nga pala pangalan niyong dalawa?" "Clara" "Rona" "Ahh! Ok! Thank you ulit. Pati sayo Alice." Tss. Ano bang tine-thank you niya sakín? Dahil sinaraduhan ko siya ng pintuan? Haaaaaaaay! Ewan! makatulog na nga lang!

Umaga na pala! Anong oras na ba? 8am? Oh my god! Late na ko sa training namin. 8am ang start pero 8am na nandito padin ako! Agad-agad akong bumangon at nakita ko wala na sila Rona at Clara sa kama nila. Wow! They are such a good friend! Nagtatakbo ako papunta sa cr. Damn! May tao!

\*knock knock\* kinatok ko yung pintuan ng cr para malaman nung nasa loob na may nag iintay sa labas.

Please! Lumabas kana jan! Late na ko! "Wait, babe!" Huh? Is that the new boarder? And she's calling me what? BABE?! Eewww! that feeling gwapo girl! Hindi ko nalang siya pinansin. Mayamaya binuksan na niya ang pintuan. Wow! In fairness ang gwapo niyang tibo ahh. Hindi talaga siya mukhang babae. "Good Morning Babe! Mwuuuuah!" She kissed me? She kissed me on the lips! AAAAAHHHHHHHHHHH!

NOOOOOOOOOO! "WAAAAAAAAAAAAAAAAAH!" "Alice! Alice! Wake up!" Napabangon ako bigla sa kama and I saw Alex. "WAAAAAAAAAH!" "Alice! Hey! Ano nangyayari sayo?! Nanaginip ka ata!" Huh?!

Panaginip? Teka hindi totoo na hinalikan ako ng shiboli? Haaay! Buti nalang! "Hoy! Alice magsalita ka nga! Grabe ka nagulat sayo si Alex biglang gising niya pag tili mo." "Buti nalang panaginip lang! ^ \_\_\_\_ ^"

"Alice! Wuuuuy! Gising ka na ba? Ano bang nginingiti mo jan?! Kinakausap ka namin kanina pa! Ano ba nangyayari sayo?" "Ahh! Ehh! Wala, nanaginip lang kasi ako nakakatakot!" "Obvious naman! Natakot din kami sayo! Nakakatakot napapanaginipan mo pero nakangiti? Baliw lang teh?! Kumilos ka na nga jan! Baka malate pa tayo!" Napa smile kasi ako, kala ko kasi totoo na! Buti nalang talaga! kung totoo yun. Eww! Iiyak talaga ako! "Ok!" Bumangon na ako then niligpit ko yung kama ko. Si Alex nakahiga siya ulit at natulog. Ang cute niya matulog. Ang tangos ng ilong, ang puti at kinis pa ng balat tapos baby face pa. Nako kung naging babae, i mean pure na girl to ang ganda niya! Pero buti nalang talaga panaginip lang yun! Yuck! Kadiri ah! Kahit na gwapong tibo pa siya! Kadiri padin! Babae siya tas babae ako! Parang ang panget tignan! Isa pa ayoko sa mga katulad niya.

Nandito na kami sa gym ng school. Stretching, practice ng routine, liftings. Tapos na! Haay! Nakakapagod! "Kain tayo! After natin mag shower ah! Nagugutom na kasi ako eh." "Oh sige!" Nagpunta na kami sa shower room. Paglabas namin ng shower room may mga nagbabasketball na sa gym. "May practice pala basketball ngayon, nuod tayo?!" "Nagugutom na nga daw si Rona eh!" "Eh di mamaya after nating kumain, balik tayo dito sa gym. Wala na naman tayong gagawin eh!" "Magpapahair cut pa tayo!" "Ayun yung nakita natin na kasama ni ate Gleycee sa mall oh!" Sabay turo ni Rona dun sa mga naglalaro ng basketball. Oh my god! Hindi

## Imperfect Love Match by Miyuki Ponce

ko napansin! Babae pala sila! Akala ko mga lalaki! Puro tibo?! My god! Ang dami namang tibo dito! Naglalakad kami sa gilid ng court. Nakita namin yung mga teammates namin nakaupo sa may bleachers nanunuod sa mga tom na naglalaro ng basketball. "Hey! Oyy! Sabay sabay tayo magpa hair cut!" sabi samin nung teammate namin pag daan namin sa kanila. Siya nga pala si Lindsey Agustin, first year din siya. Kapatid niya si ate Gleycee na incoming 4th year na sa pasukan. "Oh sige, kakain lang kami babalik din kami." "Ok! Sige!" Umalis na kami. Pumunta kami sa main building para kumain sa canteen. Hindi naman ako gaanong gutom kaya japanese cake lang yung binili ko tsaka drinks. Naglakad na kami pabalik sa gym. Madami ding tao dito sa school kahit hindi pa naman start ng klase. Yung iba nag aayos ng papers, yung iba naman summer class. Nakabalik na kami ng gym. Umupo kami sa tabi nung mga teammates namin sa bleachers na katapat nung bench area nung mga basketball players. "Si Alex ohh!" "Oo nga noh! GO ALEX!" Tumingin si Alex sa pwesto namin then nag smile. Wow huh! Supportive na dormmates naman nitong dalawa na to! Parang kagabi lang naman dumating sa dorm si Alex. Basketball player pala siya. Ano ba naman yan! Nakakasawa! Kasama na nga namin sa dorm, hanggang dito sa training makikita ko padin siya! "Wow! Ang cute naman niya! Bakit kilala niyo siya? Kaibigan niyo ba siya?" Nako mukhang interested pa tong si Lindsey kay Alex. Mga baliw tong mga to! Mahilig sa tibo! "Kasama namin siya sa dorm." "Wow! Ang swerte niyo naman. May bakante pa ba sa room niyo?" "Wala eh, apat lang yung bed sa room namin. Pang apat na si Alex, kagabi nga lang siya dumating eh." "Ahh! Sayang naman! Ang cute talaga niya. Ano nga ulit pangalan niya?" "Alex" "Ahh! Alex! ^ \_\_\_\_ ^" Eeew! crush niya si Alex! Duuh! Babae kaya yun! "Hindi pa ba tayo magpapagupit? Pinagpapantasyahan niyo pa yang mga yan eh babae din naman yan! Tara na please!" Gusto ko na magpagupit. Ayoko ng manuod niyang training ng basketball na yan! Puro tibo naman! "Wow! Grabe ang galing niya maglaro! Nakakakilig! Nakaka in love siya panuorin!" Nice! May kausap ako eh! Lahat sila focus na focus sa pag nuod sa mga nagbabasketball na yun! Whatever! Umupo na lang ako. Nakinig ng music sa fone ko. Nakakainis! Ganito nalang ba palagi yung routine ng buhay ko dito sa Manila. Kailangan everyday ay mga tibo? Everyday may tom na pinag uusapan?! Mababaliw ata ako! May 3 palang! Wala pang pasukan ganito na agad. Well sana hindi na ganto pag pasukan. "Tara na girls! Pagupit na tayo!" "Hay! Salamat!" Agad agad akong tumayo at naglakad. Excited na talaga ako magpagupit. ^ \_\_\_\_\_ ^ Nandito na kami sa dorm! Nakapagpahaircut na kami! Picture dito, picture dun! Upload! ^ \_\_\_\_ ^ Nakakatuwa! Ang cute naming tatlo. Mukha kaming twins ni Rona. "Bakit kayo nagpagupit?" Nandito pala tong asungot na to. Hindi ko napansin. Nandun kasi siya sa lapag, sa gilid ng bed niya. Kinakabit niya yung sintas dun sa bago niya atang basketball shoes. "Kailangan para sa pep." "Ahh! Wow pep pala kayo." "Hindi! Kasasabi nga lang diba?!" "Alice ang sungit mo!" "Joke lang eh!" Pero ang totoo gusto ko talaga siya sungitan. Kasasabi lang uulitin pa ulit. Ayy! Ka BV! Makapagshower na nga lang! "Maliligo ka na naman. 4 to 5 times a day ka naliligo eh noh?! Good luck sayo kung hindi ka magkasakit niyan!" Eh mainit kasi. Yes! 4-5 times nga ako naliligo a day. Before pumunta ng training, after training duon sa gym. Pag gumala kami mag shower pa ko pag dating sa dorm then before matulog. Ewan ko ba pero ganto talaga ko, hinid naman sa maarte pero mas gusto ko lang palaging fresh. Pumasok na ko sa cr. "Alice! Lalabas lang kami ni Rona ah! Bibili kami, may pabibili kaba?" "Wala.." Narinig ko yung tunog nung door paglabas nung dalawa. After ko maligo humarap ako sa salamin and I saw a necklace nakasabit sa may sulok nung mirror. May nakalagay na Alexia, malamang kay Alex to. Kinuha ko nalang para ibigay sa kanya. Palabas na ko ng cr pagbukas ko nakita ko si Alex nakatayo siya sa may door. "May nakita ka bang..." Di pa siya tapos sa sasabihin niya inabot ko na sa kanya yung necklace.. "Ohh!" "Salamat" "No problem Alexia.." nakita ko sumimangot siya pagkasabi ko ng Alexia, ano naman masama sa pagtawag ko sa kanya ng Alexia? Ang ganda nga ng pangalan niya eh. "Please, don't call me Alexia,." "Bakit? Ang ganda naman ng pangalan mo ah?" "Basta ayoko.." "Ok Alexia.." Now I know kung ano nang ipang aasar ko sa kanya. Ganyan ba talaga pag tom? Ayaw nilang tinatawag sila sa tunay nilang pangalan? Nakatapos na ko sa lahat ng gagawin ko pero yung dalawa hindi padin nakakabalik. Nakaupo lang ako sa kama. Si Alex naman nag gigitara sa may window. "Nasan ba kasi yung earphones ko! Nakakainis naman ohh!" Sobrang bored na ko, gusto ko ng matulog kaso wala pa yung dalawa baka mamaya kung anong gawin sakin ng Alex na to.. "Nakasabit dun ohh! Diba nilagay mo dun kanina, hindi mo ba naaalala ha? Ulyaning Franchezca?" Damn! Andun lang pala! Makakalimutin talaga ko, teka anong tawag niya sakin? FRANCHEZCA? Pano naman niya nalaman yun? "Stalker ka ba?"

## Imperfect Love Match by Miyuki Ponce

Pano mo naman nalaman na Franchezca ako? Siguro ginoogle mo pa ako noh!" "Hindi ako mag aaksaya ng oras sayo noh! Pinakita lang sakín nung landlady yung mga papers niyo nung lumipat ako dito.. Baka kasi kung anong klaseng tao makakasama ko kaya chineck ko.." What?! Ano bang sinasabi niya? Anong klaseng tao? Bakit ano bang tingin niya sakín? kriminal? Duh! Rapist? Aba siya pa ba pagnanasaaan ko? Tibo?! NEVER! "Ano namang feeling mo gagawin ko sayo? Duh! Wala akong hilig sa mga katulad mo! YUCK! Tom! trying hard na maging lalaki. Eeeewww." Nanahimik na si Alex, humiga nalang siya sa kama niya at nagtaklob ng kumot. Yamutin naman pala siya eh. Pero parang ang harsh ko naman. So what? Eh totoo lang naman lahat ng mga sinabi ko. Ayy nako! Hayaan ko na nga lang siya, mas ok nga yun para di na niya ko kausapin ulit..

Imperfect Love Match by Miyuki Ponce

Created from Booksie.com

Generated: 2015-01-31 14:41:28